


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Paggamit ng mga Uri ng Pangungusap sa Iba't Ibang Sitwasyon



Filipino – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Paggamit ng mga Uri ng Pangungusap
sa Iba’t Ibang Sitwasyon
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Laila C. Namoro at Girlie Marie L. Peñales	
Editor:	Ma. Theresa I. Cortez	
Tagasuri:	Rechie O. Salcedo	
Tagaguhit:	Mark Anthony O. Taduran	
Tagalapat:	Jerome S. Jabel	
Tagapamahala:		
	Gilbert T. Sadsad	Francisco B. Bulalacao
	Grace U. Rabelas	Ma. Leilani R. Lorico
	Nora J. Laguda	Jerson V. Toralde
	Belen B. Pili	Rechie O. Salcedo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legaspi City 4500

Mobile Phone: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Filipino

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Paggamit ng mga Uri ng
Pangungusap sa
Iba't Ibang Sitwasyon**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta mukhang masaya ka na ngayon dahil nalagpasan mo na ang naunang mga gawain. Ano naman ang nararamdaman mo na naabot mo ang yugtong ito sa pagsagot ng mga modyul?

Masayang matuto, di ba? Lalo na kung ang aralin ay maiugnay mo sa sarili mong karanasan, kung kaya't sa modyul na ito ay gagamitin mo ang iba't ibang uri ng pangungusap sa iba't ibang sitwasyon.

Sa tulong ng modyul na ito, inaasahan na:

1. Nagagamit mo ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng sariling karanasan;
2. Nagagamit mo sa pakikipagtalastasan ang mga uri ng pangungusap;
3. Nagagamit mo sa panayam ang iba't ibang uri ng pangungusap; at,
4. Nagagamit mo ang mga uri ng pangungusap sa pagsasabi ng pananaw.



Halika simulan mo na!



Subukin

Panuto: Tingnan nang mabuti ang larawan at gawin ang sumusunod na gawain sa ibaba.



A. Alam kong naranasan mo nang maglinis sa inyong lugar. Isalaysay ang iyong karanasan tungkol dito gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Ikuwento mo ito sa iyong kapatid o pinsan. _____

B. Ano ang nais ipabatid ng larawan sa itaas? Sumulat ng 5 pananaw tungkol sa larawan batay sa sariling karanasan gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Ilagay ang sagot sa nakalaang espayo sa ibaba. Pagkatapos, sabihin o ibahagi mo ang iyong sagot sa iyong mga magulang o sinumang kasama sa bahay.

1.Pasalaysay: _____

2.Patanong: _____

3.Padamdam: _____

4.Pautos: _____

5.Pakiusap: _____

- C.** Magsagawa ng isang panayam sa iyong kamag-anak o kasama sa bahay tungkol *Clean and Green Project* sa barangay. Gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pakikipanayam. Pagkatapos, sumulat ng 5 pangungusap na iyong ginamit sa pakikipagtalastasan. Isulat ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Gamitin mo ang *rubrics* sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Rubrik

5	Napakalinaw na naisalaysay ang sariling karanasan pagpapahayag ng pananaw/pakikipanayam/pakikipagtalastasan batay sa paksang pinag-uusapan at nailahad ng wasto ang kabuoang mensahe nito gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap na may tamang gamit ng bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, estruktura, at gamit ng mga salita.
4	Malinaw na naisalaysay ang sariling karanasan pagpapahayag ng pananaw/pakikipanayam/pakikipagtalastasan batay sa paksang pinag-uusapan at nailahad ng wasto ang kabuoang mensahe nito gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap na may tamang gamit ng bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, estruktura, at gamit ng mga salita.
3	Medyo malinaw na naisalaysay ang sariling karanasan pagpapahayag ng pananaw/pakikipanayam/pakikipagtalastasan batay sa paksang pinag-uusapan at nailahad ng wasto ang kabuoang mensahe nito gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap na may tamang gamit ng bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, estruktura, at gamit ng mga salita.

2	Di-gaanong malinaw na naisalaysay ang sariling karanasan pagpapahayag ng pananaw/pakikipanayam/pakikipagtalastasan batay sa paksang pinag-uusapan at nailahad ng wasto ang kabuoang mensahe nito gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap na may tamang gamit ng bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, estruktura, at gamit ng mga salita.
1	Hindi malinaw na naisalaysay ang sariling karanasan pagpapahayag ng pananaw/pakikipanayam/pakikipagtalastasan batay sa paksang pinag-uusapan at nailahad ng wasto ang kabuoang mensahe nito gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap na may tamang gamit ng bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, estruktura, at gamit ng mga salita.

Aralin**1****Paggamit ng mga Uri ng Pangungusap sa Iba't Ibang Sitwasyon****Balikan**

Basahin ang halimbawa ng mga salita sa ibaba. Ibigay ang pormal na kahulugan ng mga ito. Pagkatapos, gamitin ang bawat salita sa isang pangungusap na nagbibigay ng panuto o direksiyon.

Salita	Pormal na kahulugan	Panuto/Direksiyon
1. Paunlarin		
2. Kapalaran		
3. Suliranin		
4. Linangin		
5. Sikapin		

Sanay ka nang gamitin ang mga pormal na salita sa pangungusap. Kung ganoon, ipagpatuloy na ang susunod na mga gawain.

Magaling! Sa araling ito ay madadagdagan pa ang kaalaman mo sa paggamit nang wasto at angkop na uri ng pangungusap sa iba't ibang sitwasyon





Tuklasin

Simulan mo na!

Pakinggan ang iyong nanay, ate, o kuya habang binabasa ang usapan ng magkakaibigang Princess, Joseph, at Camille.

Princess: Yehey! Simula nang simbang gabi!

Joseph: Oo nga! Sigurado gigising na naman tayo nang maaga niyan para hindi tayo mahuli sa simbahan! Ang simbang gabi ay tradisyon na nating mga Pilipino.

Princess: Oo nga. sabi ni Nanay, kailangang makompleto natin ang siyam na gabi ng pagsisimba.

Camille: Ano naman ang mangyayari kapag nakompleto ang simbang gabi?

Princess: Kapag nakompleto mo raw ang siyam na gabi sa pagsisimba, siguradong matutupad ang mga kahilingan mo na matagal mo nang hinihiling.

Camille: Ganoon ba? Gusto ko 'yan! Halika na at gumayak na tayo para makapaghanda na mamaya para sa unang simbang gabi. Pero, maaari bang gisingin n'yo naman ako. Baka mapasarap ang tulog ko mamaya.

Princess: Oo naman, Camille.

Joseph: O, tama na ang kuwentuhan. Matulog na tayo para magising nang maaga bukas!

*Naiuugnay mo ba ang sarili mong
karanasan sa napakinggang
usapan?*

*Napansin mo ba ang mga
salitang ginamit upang ipahayag
ang saloobin ng magkakaibigan?*

Ano ang tawag sa mga salitang ito?



Panuto: Sagutin ang mga tanong na nasa ibaba. Ibahagi o isalaysay mo ang iyong sagot sa magulang o sinumang kasama sa bahay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang diyalogong iyong narinig?
2. Sino ang mga tauhan sa diyalogo?
3. Sa napakinggan mong diyalogo, anong pangyayari ang maiuugnay mo sa iyong sariling karanasan? Isalaysay mo sa iyong kasama sa bahay.
4. Naniniwala ka rin ba na matutupad ang kahilingan kapag nakumpleto ang siyam na gabi na pagsisimba? Bakit?
5. Ano ang sarili mong pananaw tungkol sa diyalogong napakinggan?



Suriin

Panuto: Isa-isahin at suriin mo ang bawat pangungusap.

1. Yehey! Simula nang simbang gabi!
Anong uri ng pangungusap ayon sa gamit ang pahayag?

Padamdang

Bakit Padamdang?

Sagot: Dahil nagsasaad ito ng matinding damdamin tulad ng tuwa at nagtatapos ito sa tandang padamdang (!).

2. Ang simbang gabi ay tradisyon na nating mga Pilipino.

Anong uri ng pangungusap ayon sa gamit ang pahayag?

Pasalaysay

Bakit Pasalaysay?

Sagot: Dahil ang pangungusap ay nagkukuwento o nagsasalaysay. Ito ay nagtatapos sa tuldok (.).

3. Ano naman ang mangyayari kapag nakompleto ang simbang gabi?

Anong uri ng pangungusap ayon sa gamit ang pahayag?

Patanong

Bakit Patanong?

Sagot: Dahil ang pangungusap ay nagsisiyasat o nagahahanap ng sagot. Ito ay nagtatapos sa tandang pananong (?).

4. **Halika** na at gumayak na tayo.

Anong uri ng pangungusap ayon sa gamit ang pahayag?

Pautos

Bakit Pautos?

Sagot: Dahil ang pangungusap ay nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin. Nagtatapos din ito sa tuldok (.).

5. Maaari bang gisingin n'yo naman ako mamaya. Baka mapasarap ang tulog ko hindi kaagad ako magising.

Anong uri ng pangungusap ayon sa gamit ang pahayag?

Pakiusap

Bakit Pakiusap?

Sagot: Dahil ang pangungusap ay maaaring nagsasaad ng paghingi ng pabor. Ginagamitan ng magagalang na salita upang makiusap. Maaring nagtatapos sa tuldok o tandang pananong (./?).



TANDAAN MO!

Gumagamit tayo ng iba't ibang uri ng pangungusap at mga pananda sa pagpapahayag ng saloobin at karanasan.

Ang **pangungusap** ay lipon ng mga salita na buo ang diwa. Binubuo ito ng panlahat na sangkap, ang simuno at panag-uri. Ang mga uri ng pangungusap ay:

Pasalaysay, Pautos, Patanong, Padamdam, at Pakiusap.

Ang mga Uri ng Pangungusap

1. **Pasalaysay** - pangungusap na nagkukuwento o nagsasalaysay. Ito ay nagtatapos sa tuldok (.)

Halimbawa: Si Maria ay sumasayaw.

2. **Pautos** - nagpapahayag ng obligasyong dapat gawin. Nagtatapos din ito sa tuldok (.).

Halimbawa: Magwalis ka ng bakuran.

3. **Pakiusap** - pangungusap na maaring nagsasaad ng paghingi ng pabor. Ginagamitan ng mga magalang na salita upang makiusap. Maaaring nagtatapos sa tuldok o tandang pananong (./?)

Halimbawa: Pakiabot naman ng baso.

4. **Patanong** - pangungusap na nagsisisyasat o naghahanap ng sagot at nagtatapos sa tandang pananong (?).

Halimbawa: Ano ang binili mo sa tindahan?

5. **Padamdang** - ito ay nagsasaad ng matinding damdamin tulad ng tuwa, takot, o pagkagulat. Nagtatapos ito sa tandang padamdang (!). Karaniwan ding nagbibigay ng babala o kaya'y nagpapahiwatig ng pagkainis.

Halimbawa: Aba! Bilisan mo! Mahuhuli ka na sa klase!



Pagyamanin

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

A. Panuto: Narito ang iba't ibang uri ng pangungusap. Piliin sa **Hanay B** ang angkop na tugon sa mga tanong o pahayag na nasa **Hanay A**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa nakalaang espasyo ng iyong sagutang papel.

HANAY A	HANAY B
1. Yehey! Magkakaroon ng <i>field trip</i> ang klase namin.	a. Sino ba naman ang hindi matutuwa sa dagdag kaalaman at bagong karanasan sa <i>field trip</i> .
2. Naku! Mukhang malaking gastos iyon.	b. Bukod sa nakakatuwa na, maraming panibagong kaalaman pa ang matututuhan natin.

3. Payagan kaya ako ni nanay na sumama sa <i>field trip</i> ?	c. Talaga? Kailan naman kaya ang <i>field trip</i> na ito?
4. Nakakatuwa sana ang makasama at mapunta sa <i>zoo</i> .	d. Oo nga, dagdag bayarin na naman ito.
5. Ano – ano kayang hayop ang makikita namin sa loob ng <i>zoo</i> ?	e. Sana payagan ka para kung sakaling payagan din ako, tiyak na masaya 'yon.
6. Parang nakakatakot yatang lumapit sa mga hayop.	f. Sino – sino na ba ang siguradong sasama sa <i>field trip</i> ?
7. Tiyak ko na magiging nakakatuwang karanasan ang pagpunta namin sa <i>zoo</i> .	g. Alam ko na! Titipirin ko na simula ngayon ang baon na ibibigay sa akin para may dagdag baon ako sa <i>field trip</i> .
8. Huwag mo akong hihiwalayan sa <i>field trip</i> dahil baka maligaw ako.	h. May mga kulungan naman ito at kahit lumapit ka ay nakakaharang para hindi ka masaktan nito.
9. Sa dami ba naman ng mag-aaral na sasama sa <i>field trip</i> ay tiyak na mahirap mabantayan lahat ng ating guro.	i. Ako rin, takot akong maligaw kaya dapat mayroon akong ka- <i>partner</i> .
10. Paano kaya tayo magkakaroon ng dagdagan na baon para sa <i>field trip</i> ?	j. Tiyak hindi mawawala ang paborito kong <i>ostrich</i> at iba pang kakaibang hayop.

B. Panuto: Buoin ang usapan sa pamamagitan ng paglalagay ng angkop na pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang sa bawat bilang sa sagutang papel.

- Hindi pwede, bawal ipahiram ang *personal* na gamit. Sana maintindihan mo.
- Oo, kaya kailangang pumunta ka.
- Marami ka na bang benta?
- Ano ang mapapanood sa plasa?
- Aba! kailangan nating mag-*review*!

1. Rose: Tayo na sa plasa. Manood tayo ng eksibit.
Quennie: _____
2. Rey: Aba! Kaarawan mo nga pala bukas.
Tony: _____
3. Mrs. Ramos: Magkakaroon tayo ng pagsusulit bukas.
Mag-aaral: _____
4. Aling Zeny: _____
Aling Tessie: Oo, maari mo bang akong tulungan?
5. Ronnie: Kuya, maari bang hiramín ang tsinelas mo?
Kuya Jojo: _____

C. Panuto: Gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay ng sariling karanasan.

Tanungin si Nanay kung papaano magluto ng *spaghetti*? Makinig nang mabuti upang masagot ang mga gabay na tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang sa bawat bilang sa sagutang papel.

Gabay na tanong:

1. Ano ang mga hakbang na ginawa ng nanay mo sa pagluto ng *spaghetti*? _____

2. Nagamit mo ba nang wasto ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagsasalaysay sa napakinggan o nasaksihang proseso na ginawa ni Nanay sa pagluluto ng *spaghetti*? _____

D. Panuto: Magbigay ng iyong kaisipan o pananaw sa sumusunod na sitwasyon. Bumuo ng pahayag ayon sa hinihinging uri ng pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo sa ibaba.

Sitwasyon	Uri ng Pangungusap	Sagot
Abala ang pamilya para sa paghahanda sa nalalapit na pagdiriwang ng pasko.	Patanong	
	Pasalaysay	
	Padamdam	
	Patanong o Pakiusap	

Ang galing naman! Natapos mo ang mga Pagsasanay.

Saang pagsasanay ka ba nahirapan? Pagsasanay A, Pagsasanay B, Pagsasanay C, o Pagsasanay D.

Gayunpaman, binabati kita sa iyong tagumpay.





Isaisip

Punan ang sumusunod na talahanayan. Isulat sa nakalaang espasyo sa ibaba ang natatandaan ninyong kahulugan o katangian ng iba't ibang uri ng pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Uri ng Pangungusap	Kahulugan
Pasalaysay	
Pautos	
Patanong	
Padamdam	
Pakiusap	



Isagawa

Upang lubos na masanay ka sa paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pagpapahayag ng iyong pananaw isagawa ang gawain sa ibaba.

Panuto: Tukuyin ang uri ng pangungusap sa bawat bilang. Pagkatapos, bumuo rin ng iba't ibang pangungusap o sitwasyon mula rito. Maaring magdagdag o magbawas ng salita upang maisulat ang hinihinging uri ng pangungusap ayon sa kinapapaloobang sitwasyon. Isulat ang iyong mga sagot sa nakalaang patlang sa bawat bilang.

_____ 1. Bilhin mo ang inaasam na regalo ng iyong kaibigan.

Patanong: _____

Pasalaysay: _____

_____ 2. Na-miss ko ang *Christmas party* namin sa eskuwela!

Pasalaysay: _____

Patanong: _____

_____ 3. Ano ang ginagawa mo upang makaiwas sa sakit na *Covid-19* lalo na ngayong paparating ang pasko.

Pasalaysay: _____

Padamdang: _____

Pautos: _____

Magaling! Matapos mong sagutin ang lahat ng mga pagsasanay, tingnan kung ito ay tama o mali sa Susi sa Pagwawasto sa **pahina 20** ng modyul na ito



Tayahin

A. Panuto: Gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap, isalaysay mo ang sariling karanasan tungkol sa *home quarantine* na iyong naranasan dahil sa pandemya. Isulat ang sagot sa nakalaang kahon sa ibaba. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

B. Panuto: Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagpapahayag ng pananaw sa mga sitwasyon sa ibaba. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Napunit ang sagutang papel mo dahil natamaan ito ng kamay ng kaklase mo nang bigla itong mapaatras.

2. Nagbigay ng proyekto ang inyong guro ngunit hindi mo gaanong naintindihan ang kaniyang pagpapaliwanag.

3. Naubos na ang iyong papel ngunit hindi ka pa tapos at kailangang ipagpatuloy mo na ang ginagawa. Kakapusin ka na sa oras kung lalabas ka pa para bumili ng papel.

4. Ibinalik na ng inyong guro ang resulta ng pagsusulit.
Nakita mo na wala kang nakuhang mali.

5. Tinatanong ka ng iyong mga kaklase kung bakit ka *absent*
sa dalawang magkasunod na araw.

C. Panuto: Magsagawa ng isang panayam sa isa sa iyong kapamilya tungkol sa pagharap sa mga hamon dulot ng COVID-19. Gamitin ang iba't ibang uri pangungusap sa pakikipagtalastasan. Pagkatapos, isulat mo ang inyong usapan sa sa nakalaang kahon sa ibaba. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

*Gamitin mo ang rubrics na nasa **pahina 3** para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.*

Mahusay! Batid kong alam mo na kung paanong gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagpapahayag ng iyong pananaw. Ipagpatuloy ang pagsagot sa ilan pang karagdagang gawain.



Karagdagang Gawain

Panuto: Para hindi mo makalimutan ang paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap, ipagpatuloy mo pa ang iyong pagsasanay.

- A.** Sumulat ng talata na may 10 pangungusap tungkol sa paksa na nasa loob ng kahon sa ibaba. Gamitin ng iba't uri ng pangungusap sa pagpapahayag.

Paano madarama ang tunay na diwa ng Pasko.

Rubrik sa Pagsulat ng Talata

5 Napakagalina	4 Magaling	3 Katamtaman	2 Paunlarin pa	1 Magsanay pa
Naisulat nang komprehensibo maayos, malinaw, at organizado ang nilalaman ng talata na may wastong paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap. Tamang paggamit ng <i>grammar</i> , bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura ng pangungusap.	Maayos at organizado na naisulat ang nilalaman ng talata na may wastong paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusa p. Tamang paggamit ng <i>grammar</i> , bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura ng pangungusa p.	Maayos na naisulat ang nilalaman ng talata na may wastong paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusa p. Tamang paggamit ng <i>grammar</i> , bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura ng pangungusa p.	Hindi gaanong maayos na naisulat ang nilalaman ng talata at hindi gaanong wasto ang paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusa p. May kaunting kamalian sa paggamit ng <i>grammar</i> , bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura ng pangungusa p.	Hindi maayos o malinaw ang pagkakasulat ng nilalaman ng talata at maraming kakulangan sa paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusa p. Hindi maayos ang <i>grammar</i> , pagbabantas, kapitalisasyon, pagbabaybay at estruktura ng pangungusa p.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

Iwawasto ang sagot gamit ang rubriks sa pahina 2.

Balikan		
Salit	Formal na kahulugan	Gamitin sa Pangungusap
1. Paunlarin	Payamanin, pasiglahin	Paunlarin natin ang ating pag-sarali
2. kapalaran	tadhana	Tayo ang gumagawa ng santi nating kapalaran
3. Suliranin	problema	Huwag masyaong didibin ang suliranin
4. Linangin	payamanin	Linanginatin ang ating kakayahian
5. Sikapin	magpursige	Sikapin kong mabot ang aking pangarap

Isaisip

Pasalaysay-Nagtatapos sa tuldok
 Pautos-nagtatapos din sa tuldok.
 Patanong- nagtatapos sa Padamdang- nagtatapos sa tandangpadamdang.

Isagawa

1. Pautos
 2. Padamdang
 3. Patanong
 Iwawasto ang mga pangungusap gamit ang rubriks

Uri ng Pangungusap	Ano ang ihahandanat sa pasko?	Pasalaysay	Padamdang	Patanong o Pakiusap
	Ang pasko ay pagbibigayan at pagmamahal	Ako ay sabik na sa regalong akting matatanggap ngayong pasko!	Nanay, maari po bang ibili mo ako ng bagong sapatos ngayong pasko?	

Pagyaamanin

A. 1. C 2. D 3. E 4. A 5. J 6. H 7. B 8. I 9. F 10. G

B. 1. Ano ang mapapanood sa Plasa?
 2. Oo, kaya kailangang pumunta ka.
 3. Aba! Kailangan nating mag review 4. Marami kang bang benta?
 5. Hindi pwedi, bawal ipahiram ang personal na gamit. Sana maintindihan mo.

C. Alam nyo ba ang hakbang na ginawa ni nanay sa pagluluto ng spaghetti? Pinalakulan ni Nanay ang spaghetti noodles at isinantabi kapag naluto na. Nagtisa si nanay ng bawang at sibuyas, isinama niya ang giniling na karne hanggang sa maluto. Idinagdag ni nanay ang hotdog, tomatoe paste, tomatoe sauce, ketchup, asin at paminta. Pagkatapos, ibinuho niya ang spaghetti noodles at inihalo. Inihain sa amin na may kasamang tinapay at ginadagaran ng keso sa ibabaw. Masarap ang spaghetti niluto ni nanay! “Pakiabot nga ng tinidor at nang matikman na”, sabik kong sabi.

D. Iwawasto gamit ang rubriks sa pahina 12.

Tayahin

Iwawasto ang sagot gamit ang rubriks sa pahina 2

Sanggunian

- Calatrava, S. et al. (2015). *Yaman ng Lahi Wika at Pagbasa sa Filipino 4 1st edition*. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc.
- Liwanag, L. (1999). *Landas sa Wika*. (1st ed). Quezon City: Dane Publishing House Inc.
- Marasigan, E. & Tesalona, L. (2017). *Pinagyamang Pluma 6 (K-12) Wika At Pagbasa Para Sa Elementarya* (1st ed). Quezon City: Phoenix Publishing House.
- Rafael-Gloria, T. & Cruz, G., (2004). *Alab Ng Wikang Filipino 6*. (1st ed). Sta. Ana. Manila: Innovative Educational Materials, Inc

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph